

# SI EMA ALIMANGO AT SI PARO HIPON



Kuwento ni:
Genalie C. Baluyut

Guhit ni:
Kristine Bernadette F. Dimacali





*Learning Competencies:*

⇒ *Nakikilala ang mga pangunahing emosyon (tuwa, takot, galit, at lungkot) SEKPSE-00-11*

⇒ *Nakahihingi ng tulong sa mga nakatatanda at iba pang miyembro ng pamilya KMKPPam-00-8*

⇒ *Naipakikita ang pagpapahalaga sa maayos na pakikipaglaro: pagiging mahinahon, pagsang-ayon sa pasiya ng nakararami/reperi, pagtanggap ng pagkatalo nang maluwag sa kalooban, pagtanggap ng pagkapanalo nang may kababaang loob KAKPS-00-19*

⇒ *Naipakikita ang kusang pagtulong sa panahon ng pangangailangan KAKPS-00-20*

⇒ *Nabibigyang-pansin ang linya, kulay, hugis at tekstura ng magagandang bagay na:*

*a. makikita sa kapaligiran tulad ng sanga ng puno, dibuho sa ugat, dahon, kahoy; bulaklak, halaman, bundok, ulap, bato, kabibe, at iba pa*

*b. gawa ng tao tulad ng mga sariling gamit, laruan, bote, sasakyan, gusali SKPK-00-2*

⇒ *Sort and classify objects according to one attribute/property (shape, color, size, function/use) MKSC-00-6*

⇒ *Describe objects based on attributes/properties (shapes, size, its use and functions) MKSC-00-4*

⇒ *Recognize and visualize situations that require addition and subtraction MKAT-00-14*

⇒ *Use the senses to observe the environment PNEKBS-Ic-5*

⇒ *Classify objects according to observable properties like size, color, shape, texture, and weight) PNEKPP-00-1*

⇒ *Demonstrate an understanding that objects are made from one or more materials like metal, plastic, wood, paper PNEKPP-00-2*



**DEVELOPMENT TEAM**


Kuwento ni: Genalie C. Baluyut

Guhit at Lapat ni: Kristine Bernadette F. Dimacali

Learning Resource Manager:

Ruby M. Jimenez, PhDs

Learning Resources Management and Development Section, EPS –I



**PAMPANGA**

# SI EMA ALIMANGO AT SI PARO HIPON



Sa baryo ng San Roque sa bayan ng Macabebe, makikita sa palaisdaan ni Mang Duke ang magkaibigang Ema at Paro.





Araw-araw ay pumupunta sila sa gilid ng palaisdaan para panoorin ang mga tao at mga bagay sa ibabaw ng tubig.

"Halika na Paro," ang yaya ni Ema. "Oras na nang pagpasok ng mga bata, baka hindi na natin sila maabutan."






Pumwesto na ang dalawa sa kanilang paboritong lugar.

"Tingnan mo si Kiko, may dalang isang berdeng bag," sabi ni Paro.




“Yung isang bata naman ay may dalang dalawang aklat, isang kulay dilaw at isang kulay pula,” sabi ni Ema.



“Ema, magpaligsahan kaya tayo?” tanong ni Paro. “Paramihan tayo ng kulay kahel na makikita sa paligid.” “Sige,” sagot ni Ema.

Agad naghanap ang magkaibigan. “Ayun, may bola na kulay kahel sa bangka,” wika ni Paro. Hindi naman nagpatalo si Ema.




"May perang papel si Lydia na kulay kahel. Mayroon na rin akong isang puntos Paro," nakangiting sabi ni Ema kay Paro.




"Sa basket ni Bea, may prutas na kulay kahel. Ponkan ang tawag sa prutas na yun," sabi ni Ema.






“May dalawang puntos ka na Ema,”  ang sabi ni Paro.


Pinagmasdan ni Ema ang iba pang laman ng basket.



“May kalabasa at papaya din sa basket na kulay kahel,” bida ni Ema.




Hindi masaya si Paro dahil naisip niya na si Ema na ang mananalo.




Dahil ayaw magpatalo ni Paro, pinahahaba niya ang kanyang katawan para maunahan si Ema sa iba pang mga kulay kahel.


Dahil sa pakikipag-unahan kay Ema, hindi napansin ni Paro ang lambat sa kanyang gilid. Nakulong sa lambat si Paro.



"Aaah!" sigaw ni Paro. "Tulungan mo ako, Ema. Parang awa mo na," pakiusap na wika ni Paro.



“Hintayin mo ako Paro. Nandiyan na ako, tutulungan kita,” sagot ni Ema.




Hiniwa ni Ema ang lambat hanggang sa makawala si Paro. Nang makawala, nagpasalamat siya at niyakap si Ema.



"Patawarin mo ako, Ema. Dahil sa kagustuhan kong manalo ay napapahamak ako. Hindi dapat ako nainggit," wika ni Paro.








“Wala sa akin iyon, Paro. Ang mahalaga ay ligtas ka.” Simula noon, naging masaya na para sa isa’t isa ang magkaibigan.





TUNGKOL SA MAY-AKDA AT TAGAGUHIT

**GENALIE C. BALUYUT:** Kasalukuyang nagtuturo sa
San Roque Elementary School,
San Roque, Macabebe, Pampanga
bilang Teacher I.

**KRISTINE BERNADETTE F. DIMACALI:** Kasalukuyang nagtuturo sa
Sto. Rosario Elementary School,
Sto. Rosario, Apalit, Pampanga
bilang Teacher III.



Sina Ema at Paro ay magkaibigan na mahilig magmasid sa kanilang kapaligiran. Minsan, nagpaligsahan ang magkaibigan. Ngunit dahil ayaw magpatalo ni Paro, nagkaroon ng hindi inaasahang pangyayari. Nang dahil sa paligsahan, maraming bagay silang natutuhan.